# PANGUNAHING IMPORMASYON TUNGKOL SA SENSO: ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Mas papalapit na ang 2020 Senso kaysa sa iniisip mo!
Narito ang isang madaliang pagbabalik-aral sa kung ano ito at kung bakit mahalaga na mabilang ang lahat.


## Ang lahat ay binibilang.


Binibilang ng senso ang bawat taong naninirahan sa Estados Unidos nang isang beses at isang beses lang, at sa tamang lugar.



## Ito ay tungkol sa patas na representasyon.

Kada 10 taon, ang mga resulta ng senso ay ginagamit upang ibaha-bahagi ang Kapulungan ng mga Kinatawan, kung saan pagpapasyahan kung gaano karaming puwesto ang makukuha ng bawat estado.







## Ito ay nasa konstitusyon.

Ipinag-uutos sa Konstitusyon ng U.S. na maibilang ang lahat ng tao sa bansa kada 10 taon. Ang unang senso ay noong 1790.


## Ito ay tinatayang $675 bilyon.






Ang pamamahagi ng mahigit $675 bilyon sa mga pederal na pagpopondo, gawad at suporta sa mga estado, county at komunidad ay batay sa data ng senso.

Ang perang iyon ay ginagasta sa mga paaralan, ospital, kalsada, mga pampublikong gawain at iba pang mahahalagang programa.





## Ito ay tungkol sa muling pagdidistrito.


Pagkatapos ng bawat senso ng dekada, muling iginuguhit ng mga opisyal ng estado ang mga hangganan ng mga panlehislatibong distrito ng kongreso at estado sa kanilang mga estado para isaalang-alang ang mga pagbabago sa populasyon.

## Ang paglahok ay iyong tungkulin sa bayan.


Ang pagkumpleto sa senso ay inuutos; ito ay isang paraan ng paglahok sa ating demokrasya at pagsabing “MAHALAGA AKO!”




# Ang data ng senso ay ginagamit sa lahat ng nakapalibot sa iyo.




Ginagamit ng mga residente ang senso upang suportahan ang mga inisyatiba ng komunidad na may kinalaman sa pagsasabatas, kalidad-ng-pamumuhay at pagtaguyod sa mamimili.




Ginagamit ng mga negosyo ang data ng senso upang pagpasyahan kung saan magtatayo ng mga pabrika, opisina at tindahan, na lumilikha ng mga trabaho.





Ginagamit ng mga lokal na pamahalaan ang senso para sa kaligtasan ng publiko at pagiging handa sa emerhensya.


Ginagamit ng mga real estate developer ang senso upang magtayo ng mga bagong tirahan at muling buhayin ang mga dating kapitbahayan.





# Ang iyong pagkapribado ay protektado.

Labag sa batas ang paglalabas ng Kawanihan ng Senso sa publiko ng iyong mga sagot sa paraang maaaring magpakilala sa iyo o sa iyong sambahayan.


Ayon sa batas, ang iyong mga sagot ay hindi maaaring magamit laban sa iyo at maaari lamang gamitin upang lumikha ng estadistika.







# Mas magiging madali ang 2020 kaysa dati.

Sa 2020, masasagutan mo ang senso online.




# Ikaw ay makakatulong.

Ikaw ang eksperto—kailangan namin ang iyong mga ideya sa pinakamahusay na paraan upang masiguro na ang lahat ng tao sa iyong komunidad ay nabibilang.



United States® Census Bureau

ALAMIN KUNG PAANO MAKAKATULONG SA CENSUS.GOV/PARTNERS

United States® Census 2020